Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

# MATHEMATICS 3
## Quarter 4 Week 3

**DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM**

Writers: Amelia F. Aaron
Illustrators: Amelia F. Aaron
Layout Artists: Amelia F. Aaron
Content Editors:
Language Editors:
Management Team:
SDS : Margarito B. Materum
CLMD Chief: Genia V. Santos
CID Chief : Ellery G. Quintia
Regional EPS (Math.): Bernadeth C. Daran
Regional LR Supervisor : Dennis M. Mendoza
SDO EPS (Math.) : Mirasol I. Rongavilla
SDO LR : Daisy L. Mataac
Regional Librarian :

Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.

**Aralin:** Visualizes, and represents, and converts common units of measure from larger to smaller unit and vice versa: meter and centimeter, kilogram and gram, liter and milliliter. Visualizes, and represents, and solves routine and non-routine problems involving conversions o common units of measure.

## Mga Inaasahan

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- Naisasalin ang mga karaniwang yunit ng panukat na *linear* na metro at sentimetro at *vice-versa*.
- Naisasalin ang mga karaniwang yunit ng sukat na timbang na gramo at kilo at *vice-versa*.
- Naisasalin ang mga karaniwang yunit ng panukat ng dami o laman na Litro at mililitro at *vice-versa*.
- Nalulutas ang mga suliraning *routine* at *non-routine* gamit ang mga karaniwang *unit* ng panukat.

## Unang Pagsubok

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Si tatay ay may pasalubong sa amin na 2 kilong mangga.Ilang gramong mangga ang bitbit nya pauwi?
   a. 2000 g b. 3000 g c. 4000 g d. 5000 g

2. Si Nanay Leny ay nangailangan ng 6 na metro ng tela para sa tatahiin niyang kurtina. Ilang sentimetrong tela ang bibilhin niya?
   a. 300 cm b. 500 cm c. 600 cm d. 700 cm

3. Ang magkakaibigang Ana,Emy at Susan ay nauhaw dahil sa sobrang init kaya bumili sila ng tig iisang 500 ml na tubig.Ilang litro ng tubig ang ininom nila?
   a.1 L b. 1.5L c. 2 L d. 2.5L

4. Nagtimbang si Aleng Marta ng isang supot ng harina na may bigat na 1000 gramo.Ilang kilo ang timbang nito?
   a. 1kg b. 2 kg c. 3kg d. 4kg


(This is a Government Property. Not for Sale.)

5. Kung ang pitsel ay naglalaman ng 2.5 L na mango juice. Ilang mililitro ang katumbas nito?
   a. 1000 ml  b. 1500 ml  c. 2000 ml  d. 2500 ml

## Balik-tanaw

Panuto: Lutasin ang mga sumusunod na suliranin. Isulat ang sagot sa kahon na nakalaan.

1. Nakipagsapalaran si Tatay Jake ng 3 taon sa ibang bansa. Ilang buwan siyang nanatili roon? [ ]
2. Ang biyahe mula sa Maynila papuntang Baguio ay umaabot ng 8 oras. Ilang minuto ang katumbas nito? [ ]
3. Halos 1 taon na simula nang magkaroon ng pandemyang covid-19. Ilang araw na tayong may pandemya? [ ]
4. Si Renan ay 13 na taong gulang na. Ilang buwan ang katumbas ng kanyang edad? [ ]
5. Ang barko ay naglalakbay ng 72 oras hanggang Mindanao. Ilang araw ang katumbas nito? [ ]

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Sa araling ito ay pag-aaralan natin ang mga karaniwang yunit ng panukat tulad ng gramo/ kilo, metro/ sentimetro, litro/ mililitro at kung papaano isasalin ang isa't isa.

Ang dami ng likido (liquid) na maaaring ilagay sa isang lalagyan ay tinatawag na <u>*CAPACITY*</u>. Ito ay maaaring sukatin sa pamamagitan ng mililitro (ml) at litro (L).

- Ang <u>Litro</u> (L) ay ginagamit sa pagsukat ng laman ng malalaking lalagyan.

- Ang Mililitro (ml) ay ginagamit sa pagsukat ng laman ng maliliit na lalagyan.

1 Litro (L) = 1000 mililitro

Ang karaniwang yunit na ginagamit upang sukatin / timbangin ang bigat ng isang bagay ay ang kilogram at gramo. Maaari tayong gumamit ng *weighing scale* para sa pagtitimbang.

- Ang *kilogram* (kg) ay ginagamit para timbangin ang mabibigat na bagay.
- Ang gramo (*gram*) ay ginagamit para timbangin ang magagaan na bagay.

1 kilogram (kg) = 1000 gramo (gram)

Ang karaniwang yunit na ginagamit upang sukatin ang haba ng isang bagay ay ang Metro (m) at sentimetro (cm).

- Ang metro (m) ay ginagamit upang sukatin ang mahahabang bagay.
- Ang sentimetro (cm) naman ay ginagamit upang sukatin ang maliliit at maiikling bagay.

1 metro (m) = 100 sentimetro (cm)

Sa pagsasalin (*converting*) mula sa malaking yunit papunta sa maliit na yunit, kailangan natin itong *i-multiply* sa conversion factors

**Hal.**

- 3 L = 3000 ml ( 3 X 1000 )
- 5 kg = 5000 gram ( 5 X 1000 )
- 2 m = 200 cm ( 2 X 100 )

Sa pagsasalin (*converting*) mula sa maliit na yunit papunta sa malaking yunit, kailangan natin itong *i-divide* sa conversion factor.

**Halimbawa:**

- 3000 ml = 3 L (3000 ÷ 1000)
- 5000 gram = 5 kg (5000 ÷ 1000)
- 200 cm = 2 m (200 ÷ 100)

Para sa paglutas ng mga suliraning *routine* at *non-routine* gamit ang mga karaniwang *unit* ng panukat mayroon tayong mga hakbang na sinusunod:


**(This is a Government Property. Not for Sale.)**

- Ano ang tinatanong/hinahanap sa suliranin?
- Ano ang mga datos/*given*?
- Ano ang *operation* na dapat gamitin?
- Ano ang pamilang na pangungusap?
- Ano ang tamang sagot?

Halimbawa:

Si Nanay Belen ay pumunta ng Divisoria para bumili ng telang gagawing kurtina. Bumili siya ng 8 metrong tela. Ano ang katumbas nito sa sentimetro?

1. Ano ang hinahanap/tinatanong sa suliranin?

   Ang katumbas ng 8 metro sa sentimetro

2. Anu-anu ang mga datos/given?

   8 metro ; sentimetro

3. Anong operation ang dapat gamitin?

   pagpaparami (x)

4. Ano ang pamilang na pangungusap?

   8 m x 100 = N

5. Ano ang tamang sagot?

   800 cm

**Gawain 1**

Panuto: Isulat sa patlang ang katumbas na sukat batay sa nakasaad na yunit.

| | |
|---|---|
| 1.) 3 m =________ cm | 6.) 4500 g =________kg |
| 2.) 1 ½ m =______ cm | 7.) 221 000 g=______kg |
| 3.) 700 cm=______ m | 8.) 12 L =________ ml |
| 4.) 10 kg =_______ g | 9.) 25 L =________ml |
| 5.) 45 kg =_______ g | 10.) 15 000 ml=______ L |

## Gawain 2

Panuto: Basahin at unawain ang suliranin. Sagutin ang mga tanong na nasa ibaba nito.

A. Bumili si Nanay Letty ng 5 litrong tubig sa *water station*. Ilang mililitro ang katumbas nito?

1. Ano ang tinatanong sa suliranin?__________________
2. Ano ang mga datos/*given*?_______________________
3. Ano ang *operation* na dapat gamitin?________________
4. Ano ang pamilang na pangungusap?__________________
5. Ano ang tamang sagot?______________________

B. Ang mangga ay may bigat na 500 gramo, ang lansones ay 750 gramo at ang rambutan naman ay 750 gramo. Ilang kilo ang katumbas nito?

6. Ano ang tinatanong sa suliranin?______________________
7. Ano ang mga datos/*given*?_______________________
8. Ano ang *operation* na dapat gamitin?___________________
9. Ano ang pamilang na pangungusap?____________________
10. Ano ang tamang sagot?______________________

## Gawain 3

Panuto: Piliin ang nararapat na timbang bigat o haba sa mga sumusunod. Kahunan ang tamang sagot sa loob ng panaklong

1. bayabas ( 30 gramo, 30 kilograms)
2. maliit na bote ng softdrinks (350ml, 35L)
3. dalawang piraso ng manok (400 gramo, 4 kilograms)
4. pitsel ng mango juice (2L, 200ml)
5. taas ng pintuan (150 cm, 15m)
6. haba ng lote (10m, 10cm)


(This is a Government Property. Not for Sale.)

7.haba ng mesa (1m, 1000cm)

8. sako ng bigas ( 50 kilogram, 500 gramo)

9. supot ng asukal (1 kilogram, 10 gramo)

10. tubig sa timba (7 litro, 700 ml)

## TANDAAN

Ang mga karaniwang yunit ng panukat na linear na metro(m) / sentimetro(cm),panukat ng timbang na gramo(g) / kilo(k) at panukat ng dami o laman na litro(L) / mililitro(ml)ay maaari nating isalin sa isa't isa.

1Litro (L) = 1000 mililitro (ml)
1Kilogram (kg) = 1000 gramo(g)
1metro (m) = 100 sentimetro (cm)B

May mga hakbang din tayong sinusunod sa paglutas ng mga suliraning routine at non- routine gamit ang mga karaniwang unit ng panukat. Ito ay ang mga sumusunod:

A. Ano ang tinatanong/hinahanap sa suliranin?
B. Ano ang mga datos/given?
C. Ano ang operation na dapat gamitin?
D. Ano ang pamilang na pangungusap?
E. Ano ang tamang sagot?

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

A. Panuto: Isulat sa patlang ang katumbas na sukat ng mga sumusunod na bagay ayon sa yunit na hinihingi.

1. 

2.5 L
= __________ ml

(This is a Government Property. Not for Sale.)

2.  = __________ gramo

3.  = __________ cm

5m

4.  = _________ L

500 ml 400 ml 600 ml

5. 

= _________ m

B. Basahin, unawain ang suliranin at sagutin ang mga tanong sa ibaba:

Bumili si Annie ng ½ kilong karneng manok, ½ kilong karneng baboy at 1 kilong karneng baka. Ilang gramong karne ang binili niya lahat?

1. Ano ang hinahanap/tinatanong sa suliranin?_______________
2. Ano ang mga datos/*given*?________________________
3. Ano – anong *operation* ang mga dapat gamitin?____________
4. Ano ang pamilang na pangungusap?______________________
5. Ano ang tamang sagot?_______________________

**Pangwakas na Pagsusulit**

A. Panuto: Basahin. Bilugan ang titik ng tamang sagot

1. Ilang gramo mayroon sa 50 kg?

   a. 50 gram b. 500 gram c. 5000 gram d. 50,000 gram

2. Ilang kilo ang katumbas ng 3500 gramo?
   a. 3 1/8 kg b. 3 ¼ kg c. 3 ½ kg d. 3 3/4 kg
3. Naglalaman ng 2000 ml na juice ang pitsel ni Aling Selya. Ilang litro ang katumbas nito?
   a. 2 L b. 20 L c. 250 L d. 200 L
4. Si Bert ay bumili ng 1.5 L na coke. Ano ang katumbas nito sa mililitro?
   a. 1000 ml b. 1500 ml c. 15 ml d. 15000 ml
5. Ilang sentimetro ang katumbas ng 10 metro?
   a. 100 cm b. 1000 cm c. 10000 cm d. 100000 cm

B. Basahin,unawain at lutasin ang mga sumusunod na suliranin.Isulat ang solusyon at sagot sa patlang.

1. Ang taas ng gate ng bahay ni G.Cruz ay 1500 cm.Ilang metro ang katumbas nito?
   Solusyon/sagot:______________________________

2. Si Aleng Maria ay bumili ng 3 ¼ na kilo ng buko para gawingBuko Salad.Ilang gramo ng buko ang kanyang binili?
   Solusyon/sagot:______________________________

3. Ilang mililitrong tubig ang naiinom ni Karen kung siya ay nakauubos ng 2 ½ na litro ng tubig sa buong maghapon?
   Solusyon/sagot:______________________________

4. Bumili si Mang Ador ng 5 kilong kamote sa halagang Php 30 bawat kilo.Magkano ang halagang binayaran nya sa tindera?Ano ang katumbas ng binili niyang kamote sa gramo?
   Solusyon/sagot:______________________________

5. Si Alice ay nag-ipon ng tubig-ulan sa timba.Ang laman nito ay 5500 ml.Nagamit nya sa pagdidilig ng halaman 4 250 ml.Ilang litro ng tubig ang natira sa timba?
   Solusyon/sagot:______________________________


**(This is a Government Property. Not for Sale.)**

# ANSWER KEY

**Unang Pagsubok**
1. a
2. c
3. b
4. a
5. d

**Gawain 1**
1.300
2.150
3.7
4.10,000
5.45,000
6.4 ½
7.221
8.12,000
9.25,000.
10.15

**Gawain 2**
1. katumbas na mililitro ng 5 L na tubig
2. 5 L ; mililitro
3. pagpaparami (X)
4. 5 L X 1 000 = N
5. 5 000 ml
6. katumbas na kilo ng 2 000 gramo na prutas
7. 500 gramo ng mangga. 750 kilo ng rambutan ; ilang kilo
8. pagdaragdag/paghahatihati
9. (500 + 750 + 750) ÷ 1 000 = N
10. 2 kg

**Balik-tanaw**
1. 36 buwan
2. 480 minuto
3. 365 araw
4. 156 buwan
5. 3 araw

**Gawain 3**
1. 30 gramo
2. 350 ml
3. 4 kg
4. 2 L
5. 150 cm
6. 10 m
7. 1 m
8. 50 kg
9. 1 kg
10. 7 litro

**Pangwakas na Pagsusulit**

| A | B |
|---|---|
| 1. d | 1. 1,500 ÷100 =**15 m** |
| 2. c | 2.3 ¼ ×1000 =**3,250 g** |
| 3. a | 3.2 1/2×1000 **=2,500 ml** |
| 4. b | 4.5 ×30 =**Php 150 /** 5 ×1000 =**5000 g** |
| 5. b | 5.5,500- 4,250=1,250 **/1.25 L** |

**Pag-alam sa natutuhan**

**A.**
1. 2,500 ml
2. 3,000 gramo
3. 500 cm
4. 1.5 L
5. 2 m

**B.**
6. gramo ng karne na binili ni Annie
7. ½ kg ng karneng baboy, 1 kg ng karneng baka ; ilang gramo
8. pagdaragdag/pagpaparami
9. (½ kg + ½ kg + 1kg) X 1 000 = N
10. 2 000 gramo

Sanggunian:
Maths Booster (Grade 3)
Mathematics-kagamitan ng Mag-aaral (Grade 3)
Discovering Mathematics Today (Grade 3)
Math Connections (Grade 3)

**(This is a Government Property. Not for Sale.)**